

PAGPUPUGAY KAY KASAMANG


ROMMEL TUCCAY

Kagaya niya ay kabataan pa rin na nasa alas otso o alas nuebe ng kasikatan ng araw. Sa edad na 42, ang bawat araw ng rebolusyonaryong pakikibaka, gaano man ito batbat ng kahirapan at sakripisyo ay kanyang hinaharap na punong puno ng kasiglahan, kasigasigan at rebolusyonaryong optimismo. Bawat araw ay panibagong araw ng pagsulong. Panibagong hamon na mapapangibabawan patungo sa katiyakang tagumpay.

Isa siyang tunay na Komunista. Kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Gitnang Luzon. Isinabuhay niya ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa arawang paggawa. Propagandista-ahitador! Sing-buo ng kanyang boses ang kanyang mga kataga ng mga paglilinaw, payo at panghihikayat sa wastong rebolusyonaryong linya. Singtalim ng kanyang panulat ang talas ng kanyang mga pagsusuri sa kalagayan at ang kanyang pagguhit sa pagitan ng tama at mali.

Matapang na kumander. Higit pa sa kanyang di maiwaksi na malutong na pagmumura (bagamat pinupuna) sa kahayupan ng kaaway ang kanyang rebolusyonaryong katapangan. Magiting sa mga labanan!

Hanggang sa kanyang huling hininga, ipinakita niya ang kagitingan ng isang pinagpipitagang Pulang Kumander. Sa harap ng pasistang militar ng rehimeng US-Duterte, walang takot sa kamatayan na nakipagsagupaan siya ng tapang. Pusta ang buhay at prinsipyong sa pakikipaglaban!



Ika-12 ng Marso,
2021. Dinilig ng
kanyang dugo
ang tigang na
lupain ng Brgy.
Kimbutan, Dupax.
Del Sur, Nueva
Viscaya.

**Komunista,
Pulang
Kumander.**



PAGPUPUGAY SA MGA BAYANI NG BAYANI!
PRODUKSYONG MULTIMIDYA NG BHB - GITNANG LUZON

Inialay niya ang kanyang tanging buhay para sa kapakanan ng mamamayan.

Siya si kasamang ROMMEL TUCAY. Komunista. Pulang Kumander.

Siya si Ka David, Ka Elmo, Ka Isaac, Ka Samwel, Ka Istib, Ka Melvin, Ka Roman..... Sa mga kasama at masang kasama niya sa buhay-kamatayang pakikibaka, siya ang makulti, masayahin, maingay pero matiyaga, pursigido, determinado at seryosong rebolusyunaryo.

Pwede siyang maging sinuman o anupaman sa taglay niyang talino at abilidad guro, abugado, brodkaster, manunulat, doktor, pulitiko. Pero pinihi niyang maging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan pagtuntong niya ng edad desi-otso noong 1997.

Siya ay namulat sa tunay na kalagayan ng kabataan at ng buong sambayanang Pilipino noong siya ay aktibista pa lamang sa eskwelahan. Nasapul nya na tanging ang demokratikong rebolusyon bayan lamang ang solusyon sa krisis ng lipunang malakolonyal-malapyudal.

Malugod niyang tinanggap at ginampanan ang ibat ibang tungkulin sa iba't ibang bahagi ng Gitnang Luzon. Bilang mandirigma ng BHB at batang kadre ng PKP, gumampan siya ng gawain sa paghahanda ng larangang gerilya sa Tarlac kung saan siya unang sumampa. Agad din siyang naging bahagi ng yunit ng BHB na kumilos rito. Kabilang siya sa mga nagboluntaryong maging bahagi ng pagpapalawak sa East Pangasinan noong 1999. Nahuli at nakulong, pero agad ding bumalik sa rebolusyonaryong pagkilos pagkalaya. Itinalaga siyang kagawad ng Komiteng Larangan sa Nueva Ecija. Pinangunahan niya ang malawakang paglulunsad ng rebolusyong agraryo.

Mula doon ay naitalagang pampulitikang instruktur sa Zambales noong 2004 hanggang 2005 kung saan aktibo siyang naging bahagi sa paglalansag sa bandidong RHB.

Noong huling bahagi ng 2005 ay ibinalik siya sa Silangan. Kabilang siya sa mga pangunahing kadre ng Partido sa Aurora na nanguna sa pagpapanibagong sigla ng armadong pakikibaka, pagsasaayos ng baseng masa at pagsusulong ng mga pakikibakang magsasaka. Naging pulitikal instruktur siya ng platon sa Hilagang Aurora at di naglaon ay tumayong Platon Lider. Matatag niyang pinamunuan ang pagharap sa pinatinding atake ng kaaway sa Hilagang Aurora noong 2009.

Nalipat siya sa Caraballo noong 2010 bilang kalihim ng Komiteng Larangan at bilang Pl ng isang platon. Pinangunahan niya ang pagpupursige sa gawaing rekoberi. Nahirang siyang kagawad ng Komite ng Partido sa Hilagang Silangang Subrehiyonal Purok Militar (Northeast Subregional Military Area) noong 2012 at bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon noong 2015. Nadakip siya ng kaaway noong December 2017. Pagkalaya sumanib siya sa Platon ng Sierra Madre at tumayong Pl noong 2018.

Natutunan niyang pangibabawan. Kahinaan at kahirapan. Sa harap ng kaaway o sa larangan man magiting siyang nanindigan.

Hindi siya natinag ng kriminal na bangis ng mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng kaaway. Tulad ng iba pang mga pinuno at mandirigma ng BHB at mga kadre ng Partido, matatag at matapang na kabahagi siya sa pagbigong sa Oplan Makabayan ng rehimensing US-Estrada; ng Oplan Bantay Laya ng rehimensing US-Arroyo na tinampukan ng kriminal na terorismo ni Palparan; ng Oplan Bayanihan ng rehimensing US-Noynoy Aquino; at ngayon ang Oplan Kapayapaan ng diktador at kriminal na rehimensing US-Duterte.

Hindi natinag ang kanyang katatagan sa dinanas na mga pahirap sa kamay ng kaaway sa dalawang beses na pagkakabihag. Tinanganan niya ang sinumpaang "pangangalagaan ang kaligtasan ng Partido at lahat ng kasama ko buhay ko ma'y ialay kung kinakailangan." Hindi siya nakipagkompromiso sa kaaway kapalit ng kanyang kalayaan o matatamis na pangako. Hindi nasikil ng bilangguan ang kanyang diwa. Hanggang sa loob ng bilangguan ay sinikap niyang itayo ang respeto at prestihyo ng Partido at rebolusyonaryong kilusan. Patuloy siyang nagpursige na panatiling buhay ang ugnay sa malawak na masa at makapag-ambag pa rin sa pagtugon sa kanilang kapakanan.

Higit lamang na nagpalakas sa kanyang galit sa estado ang pagkasawi ng kanyang kabiyak sa isang labanan habang siya'y nakabilanggo.



**Bigo ang Teroristang
Rehimensing US-Duterte na
Gapiin ang Rebolusyonaryong
Paglaban ng Maramayan sa
Sierra Madre at Caraballo!**

Siya ay isang bayani.
Hindi dahil ginusto niyang
maging tanyag na indibidwal
kundi ang mamamayan at
mga kapwa nya
rebolusyunaryo ang kumilala
nito dahil sa kanyang tapat at
buo-buong pagsasabuhay ng
diwa ng paglilingkod sa
sambayanan.

Malaking kawalan si Ka
Rommel Tucay para sa
rebolusyong Pilipino na
naghahangad ng
pambansang kalayaan,
demokrasya at tumatanaw sa
sosyalismo.

Gayunpaman, ang
kanyang buhay na ipinuhunan
ay tulad ng binhing palay na
hinahasik sa mga kainingin,
uma at kabukiran. Katangi-
tanging binhi. Papawi sa
kagutuman ng masa sa
hustisyang panlipunan.
Humahalimuyak ng pag-asa
para sa maaliwalas na
sosyalistang bukas.

Ang kanyang mga
halimbawa, turo, aral, payo at
paalala ay magsisilbing gabay
hindi lamang para sya ay
gunitain kundi lalong higit
upang makapagpaltaw tayo
ng libo-libo, ng sandaan-
daang libong mandirigma,
kumander at kadre ng Partido
hanggang sa tagumpay ng
Digmang Bayan.

**Ang pagpanaw niya'y gabundok
ang kapantay. O kay dakilang
buhay luwalhating pagkamatay**

**Landas na dinilig ng kanyang
dugo't pawis. Ating tatahakin.**

Tagumpay ay kakamtin.

Tagumpay ay kakamtin

Mabuhay ang walang

kamatayan na ka

Rommel Tucay!

Mabuhay ang

Digmang Bayan!

